**ABSTRAK**

Ang pananaliksik na ito ay tumatalakay sa pagkatao ng mga kabataang laki sa lolo at lola. Ito ay mayroong dalawang layunin: una ay ang mailahad ang pagkatao ng mga kabataang laki sa lolo at lola at ang pangalawa ay malaman ang pinapahalagahan ng mga kabataang laki sa lolo at lola. Ang katutubong pamamaraan na pakikipagkwentuhan ay ginamit upang makalap ang datos mula sa pitong kalahok. Tematikong pag-aanalisa naman ang ginamit sa pag-aanalisa ng datos upang makabuo ng mga tema. Ang pag-unawa sa kanilang pagkatao ay batay sa konsepto ng loob ni Alejo (1990) at ang kanilang pinapahalagahan ay ibinatay sa *Value System of the Philippine Personality* ni Enriquez (1986).

Tatlong tema ang nabuo sa pagtingin sa kanilang pagkatao: Kamalayan hinggil sa pag-iisip, binibigyang saysay at pananaw sa buhay, Damdamin patungkol sa kinakalagyang sitwasyon, pagkahabag at pakikiramay sa mga tao, at Kakayahan mula sa mga karanasan sa buhay na kinapapalooban ng Pag-uugali at Kaanyuan. Sa pag-aanalisa ng kanilang pinapahalagahan lumitaw ang pitong tema: Utang ng loob, Lakas ng loob, Pakikibaka, Pakikiramdam, Pakikipagkapwa na nahahati sa magulang at kapatid bilang ibang tao, at kaibigan kasama ng lolo at lola bilang mga hindi ibang-tao. Pumapaloob din sa kanilang pinapahalagahan ang kagandahang-loob at ang karangalan ng paglaki sa lolo at lola. Nakita na ang mga kabataang laki sa lolo at lola ay mabubuting kabataan na may pagpapahalaga sa simpleng bagay at kasiyahan. Ang pagkatao at mga katangian nila ay nabuo

mula sa kanilang naranasang paghihirap sa buhay at sa pagpapalaki ng kanilang lolo at lola na punong-puno ng suporta at pagmamahal.

Mga susing salita: *Kabataang laki sa lolo at lola, katutubong pamamaraan, tematikong pag-aanalisa, Istruktura ng Pagkatao, Value System of the Philippine Personality*

AKLATANG EMILIO AGUINALDO - INFORMATION RESOURCE CENTER
De La Salle University-Dasmariñas • Since 1977 • Dasmariñas, Cavite, Philippines